# 1

Ikalawang buwan na ng pamamalagi ni Dynah sa *Fernandez Pension House* sa Baguio. Sa ngayon ay siya na lamang ang guest sa pension house na iyon na may anim na malalaking kuwarto, apat sa itaas at dalawa sa ibaba. Magkasunod na umalis ang dalawang boarders noong isang linggo. May kamahalan kasi ang renta roon. Pero bale-wala sa kanya ang upa kumpara sa nakukuha niyang katahimikan bukod sa magandang kapaligiran at maayos na pakikisama ng landlady na si Manang Consuelo.

She was really fond of the old lady. Palibhasa kasi ay masayahin ito. Kasama na sa bayad niya ang pagkain, laba at plantsa. Tuwing araw ng Sabado ay may nagtutungo roon na dalawang babaeng Ifugao para gumawa ng gawaing-bahay. She already paid in advance for six months and she intended to stay longer. Kung hanggang kailan siya mananatili roon ay hindi pa niya alam.

Ang dati niyang handler na si Oskee ang nag-refer sa kanya ng lugar na iyon. Sigurado siya na wala itong pagsasabihan kung nasaan siya lalo na sa

kanyang Tita Guada—ang kapatid ng kanyang ama na naging guardian niya magmula nang sabay na naaksidente at nasawi sa car accident ang kanyang mga magulang noong apat na taong gulang pa lamang siya. Si Guada ang dahilan kung bakit kailangan niyang lumayo at iwan ang kinang ng modeling world kung saan siya nakilala.

She was known to have the Dynah look—rare and unique. She had the most expressive deep-set brown eyes that became her trademark aside from the best bone structure being envied by her colleagues. Pero hindi niya pinanghinayangan ang kasikatan kapalit ng peace of mind na tinatamasa ngayon.

Napahugot siya ng buntong-hininga nang maalala ang usapan nila ni Oskee kani-kanina lamang sa telepono. Galit na galit na raw si Guada dahil sa paglalayas niya.

Dahil sa pag-uusap nilang iyon ay bumigat ang kanina ay magaan niyang pakiramdam. Nabanggit nito sa kanya na mahalaga rito kung mape-penetrate niya ang Paris. Oskee was in deep financial trouble and it would help him a lot if she could make it big in Paris. Pero ngayon pa lang niya ini-enjoy ang kanyang newfound freedom.

Hindi sana siya magtatago kung hindi siya gustong ipakasal ng tiyahin sa isang matandang Chinese. Tama si Oskee na kung tatanggapin niya ang offer sa Paris ay puwede siyang hindi magpakasal, pero talagang gusto na niya ng tahimik at simpleng buhay. Gusto pa rin niyang ituloy ang pangarap na makapagtapos ng pag-aaral, makapagturo, magsulat at magkaroon ng magandang pamilya sa hinaharap.

Tita Guada ruined her life at pagod na siya sa pagmamanipula nito sa kanya. Magmula pagkabata ay para siyang laruang de-susi kung tratuhin nito. Hindi niya mabilang kung ilang beauty contests ang sinalihan niya. She hated it but she could not do anything.

She hated it. She wanted a very simple life. She wanted to be a teacher and she just wanted to write. Pero sa halip na masunod ang kanyang gusto, ang nais ni Guada ang nasunod. Hindi na siya nakapagtapos ng kolehiyo. Hindi raw naman importante iyon dahil yayaman na siya sa pagiging modelo. Sa tuwing mangangatuwiran siya ay ipinamumukha nito sa kanya na dapat ay hindi siya nito suwayin sapagkat tumandang dalaga ito dahil sa pag-aaruga sa kanya.

She was twenty-one now. She had been modeling since she was sixteen. Hindi siya ang mayaman kundi

ang tiyahin niya. Nang tumuntong siya sa edad na eighteen ay saka pa lamang siya nito binigyan ng sarili niyang ATM. Twenty percent lang ng bawat kinikita niya ang inihuhulog nito sa bank account niya.

She didn't care about the money. What she cared about was her freedom. Napuno nga siya nang tahasang sinabi ni Tita Guada na pakasalan niya ang bilyonaryong si Mr. Ty dahil natipuhan siya nito. Niregaluhan nga siya nito ng isang *BMW* na tinanggihan niya. Galit na galit ang tiyahin noon.

Kung gusto raw niyang magbuhay-reyna, kailangang sundin niya ang kagustuhan nito. A mansion in *Forbes Park* and a grand vacation house in Tagaytay were ready for her if she would accept his proposal. She would be filthy rich and that was what Guada was waiting for. Pero hindi niya kayang sikmurain na magpakasal sa isang matandang lalaki para lang yumaman.

Noon siya nagdesisyon na takasan na ang kanyang tiyahin. Kasabay niyon ay ang desisyong baguhin din ang kanyang sarili. Alam niyang madali siyang matutunton ni Guada kung hindi siya magbabago ng anyo.

Being one of the country's top models, kilala

na siya dahil halos lahat ng leading magazines ay naging cover na siya. Lumabas na rin siya sa ilang commercials.

Ngayon, kapag tinitingnan niya ang sarili sa salamin, pati siya ay hindi na halos makilala ang sarili. Ang makabagong pananamit ay pinalitan niya ng payak na bihis. Hindi lang basta payak. Siniguro niyang hindi siya makikilala ninuman sa ayos niya ngayon. She wore shapeless dresses. Mahahabang palda, baggy slacks at maluluwang na blusa at t-shirts ang isinusuot niya ngayon. Ang mahaba at makintab niyang buhok ay nakatirintas palagi.

She wore a big round blue tinted eyeglasses to cover her expressive deep-set eyes. Natakpan ng salaming iyon ang mahahabang pilik at ang magandang arko ng kanyang mga kilay. At para mas maitago ang kanyang pagkatao, nagpagawa rin siya ng removable braces kaya nagmukhang nakausli ang kanyang nguso. She only wore those braces during daytime kapag nasa labas siya ng kuwarto. Kahit nahihirapan siyang magsalita kapag suot iyon, bale-wala sa kanya.

Maaasahan talaga niya si Oskee bilang tapat at mabuting kaibigan. Ito ang umisip lahat ng bagay na iyon. Inakala nito na pansamantala lang ang

gagawin niyang pagtatago. Pero ngayong alam niya na hindi pa rin natatauhan ang kanyang Tita Guada, walang dahilan para bumalik na siya.

Kung makikita siya ng tiya sa ganoong anyo, baka himatayin ito. Ayon kay Oskee ay galit na galit ito dahil marami raw itong natanguang commitments na hindi natuloy. Marami ang nagpabalik ng downpayment at may ilan pa na nagbabantang magdemanda.

Siniguro naman ng dating handler sa kanya na hindi siya nito ipagkakanulo. At kung magbabago raw ang kanyang pasya na bumalik sa pagmomodelo, lapitan lang niya ito at ora mismo ay lilipad sila sa Paris. Her portfolio was already in the City of Lights.

Mahal naman niya si Tita Guada at tinatanaw niyang malaking utang-na-loob ang pag-aaruga nito sa kanya magmula nang maulila siya, pero gusto na rin niyang makawala sa tila pagkakulong sa poder nito.

Masaya siya sa Baguio. Malaya niyang nagagawa ang kanyang gusto. Masaya siya dahil ang kauna-unahan niyang romance novel na sinulat ay naaprubahan na pagkatapos ng apat na madugong revision. 'Ynah' ang ginamit niyang pen name. Sa modeling ay kilala siya bilang Dynah. Dahil matalik

na kaibigan ni Oskee ang publisher ay siniguro rin nito na hindi malalaman na si Ynah at Dynah Marcial ay iisa.

Ipinadala niya sa email ang kanyang nobela. Ipinadala naman sa kanya ang mga komento sa pamamagitan ng email din. Noong isang araw nga lang ay nalaman niya na sa wakas ay na-approve na ang huling revisions na ginawa niya. Si Oskee na ang bahala sa pagkuha ng pay-to-cash check na bayad sa sinulat niya para i-deposit sa kanyang account.

Bagaman wala pa siyang nakarelasyon nang seryoso, masyadong malalim ang kanyang imahinasyon pagdating sa pag-ibig. Sa modeling ay napaligiran siya ng pinakaguwapong mga lalaki. Marami ang nanligaw sa kanya, pero hindi pa niya nahanap ang lalaking talagang nagpatibok ng kanyang puso. She went out on dates but she had no boyfriend in the real sense of the word. Mayroon man siyang magustuhan, kaagad na nakaharang si Tita Guada. Ayaw nito sa isang manliligaw niya kapag hindi mayaman. Ang gusto nito ay gaya ni Mr. Ty na kaya raw siyang bigyan kahit ano ang gustuhin niya.

Kung hindi intimidated sa kanya, ang natatapat sa kanya ay walang gusto kundi ang gamitin siyang

trophy sa mga sosyalan. Hindi na niya mabilang kung ilang kilalang businessmen at politiko ang nag-attempt na ligawan siya pero ni isa ay wala siyang pinatulan.

Being a hopeless romantic, she dreamed of meeting a man of her dreams someday. Napangiti siya nang maalala ang binuong katangian ng hero sa una niyang nobela: gentleman, handsome, kind. Ang mga katangiang iyon ang nais niya sa lalaking mamahalin. Kahit hindi na masyadong guwapo, basta gentleman, okay na sa kanya. Naisip niya, sa payak niyang anyo ngayon, may magkagusto kaya sa kanya? Hindi man siya masasabing pangit, hindi naman kaiga-igaya ang kanyang hitsura. Ilang beses na siyang sumama kay Manang Consuelo sa pamamasyal sa city proper, walang lalaking na-attract sa kanya. Mayroon mang lumingon, nakakainsultong ngiti ang nakita niya mula sa mga lalaking iyon.

She didn't care. Ang importante, malaya siyang nakakakilos. Kung may lalaking magkakagusto sa kanya sa ganoon niyang hitsura, iyon ang totoong pag-ibig. Napangiti siya sa naisip.

Medyo nabawasan ang bigat ng dibdib ni Dynah. That was the beauty of being simple and plain.

Masisiguro niya na magugustuhan siya hindi dahil sa panlabas na kagandahan. Pero paano naman siya makakahanap ng lalaking mamahalin gayong palagi siyang nananatili sa loob ng kuwarto niya sa pension house na iyon? Si Manang Consuelo lang ang palagi niyang nakakausap. Come and go ang mga guests nito roon at sa loob ng dalawang buwang pagtigil doon ay wala pang binatang guest na dumating. Ang dalawang huli ay parehong babae.

Naalala niyang may darating na kamag-anak si Manang Consuelo ngayon mula sa Maynila. Nabanggit nito ang bagay na iyon sa kanya kaninang nag-almusal sila. Mabuti na rin na may makakakuwentuhan siyang iba maliban kay Manang Consuelo.

Nang mapasulyap siya sa orasang nakapatong sa round table na ginawa na rin niyang patungan ng kanyang laptop ay tumayo na siya. Oras na para sa panghapong merienda.

Isinuot muna niya ang eyeglasses at ang removable braces saka sinulyapan ang sarili sa salamin ng tokador. She smiled when she saw her reflection. Ni hindi maaaninag ang kagandahan niya sa kanyang kaanyuan. Who would think that the beautiful Dynah Marcial was hiding behind that

very old-fashioned look?

She heaved a sigh and headed to the door. Pagbukas niya ng pinto ay dere-derecho siyang lumabas sa hallway, pero bigla siyang nagulat nang nakita niyang may lalaki siyang makakasalubong. May bitbit itong dalawang malalaking luggages. He was tall… very tall indeed. Marahil ay anim na talampakan at dalawang pulgada ang taas nito. She could always guess anybody's height based on her own height.

She stopped walking. Habang palapit sa kanya ang lalaki ay napakunot ang noo niya. He looked familiar. When he was a few steps away from where she stood, she recognized him.

Si Riggs Fernandez!  God, guest sa pension house ang lalaking ito! If only her former colleagues would know….

"Hi!" bati ng lalaki. Ibinaba nito ang dalawang luggages sa gilid nito.

Hindi siya kaagad nakapagsalita. He was the last kind of surprise she expected. Bagaman kilala niya ito sa pangalan, ngayon lamang niya ito nakaharap nang personal. Naririnig niya ang pangalan nito mula sa mga kapwa modelo. May ilan na naka-date

na raw ito. And he was ‘super’ according to them.

“Hi. I’m Riggs,” anito nang hindi siya nagsalita. He smiled. Mapuputi ang pantay-pantay na mga ngipin nito. It was an intriguing smile. Arresting. Sexy. Her heart pounded abnormally.

She drew in a quick, sudden breath. “I’m… I’m Dy… uhm… Ynah.” Diyos na mahahabagin! Bakit siya nag-buckle? Bahagya na lang lumabas sa bibig niya ang kanyang boses. Bakit kay lakas ng kabog ng kanyang dibdib? Instantly, naisip niyang sana ay nakilala siya ni Riggs sa anyong Dynah Marcial. Pero kaagad din niyang sinaway ang sarili.

“Did I scare you?” he asked. “Para ka kasing nakakita ng multo.”

“H-hindi.”

He made two steps to get nearer. Itinaas nito ang kanang kamay. “Nice to meet you, Ynah. Again… I’m Riggs. Riggs Fernandez.”

She hesitated for an instant before she accepted his hand. Nang pumaloob ang maliit niyang kamay sa malaking palad nito ay tila may libo-libong boltahe ng kuryente na nanulay sa kanyang kaibuturan. Kaagad din niyang hinila ang kamay. “N-nice to meet you, too.”

Oh, God! Ibig sabihin, si Riggs ang inaasahang bisita ni Manang Consuelo. Ito ang sinasabing kamag-anak nito na darating. How could she be stupid! *Fernandez Pension House* iyon.

He smiled again. “Mabuti naman at may makakausap pala ako rito bukod kay Auntie. Noong huli kasing nagbakasyon ako rito, nabato ako.”

Ang puso niya ay lumalakas lalo ang tibok. When she dared raise her eyes to his, his smile deepened. His mischievous eyes traveled over her. “M-mauna na ako sa iyo,” aniya. As she walked past him, her clothes dragged against the front of his. Bagay na nakadagdag ng kaba niya.

“Wait…”

Lumingon si Dynah. Bahagya niyang inayos ang suot na salamin. “Bakit?”

“You are occupying what room? The one on the left or on the right?”

“Left.”

“Okay. So, mine is right. The last time I was here, I occupied yours. Baka malito ako at bigla akong mapapasok sa room mo.” Tumawa ito nang malakas.

Nag-init ang mga pisngi ng dalaga. *Arrogant!* Ano ang ibig sabihin ng tawa nito? Natatakot itong magkamali ng kuwarto? Paano kung nakilala siya nito sa tunay niyang katauhan? Gusto niyang mag-react pero pinigil niya ang sarili. Sa halip ay tinalikuran niya ito at nagmartsa pababa sa hagdanan. *Mayabang!* sigaw ng boses sa likod ng utak niya. *Mayabang pala ang Riggs Fernandez na 'yon!*

May dalawang kuwarto pa naman sa kabilang pasilyo, iyon na lang sana ang inokupa nito. Kunsabagay, ang dalawang kuwarto kasi sa kanang pasilyo ay malalaki kaysa sa mga nasa kaliwa.

"I'll see you around, Ynah," narinig pa niyang sabi nito.

Pakiramdam niya ay sinundan siya nito ng tingin. Bakit naman nito gagawin iyon? Para pagtawanan?

Habang bumababa sa hagdanan si Dynah ay hindi pa rin niya mapaniwalaan na kamag-anak ni Manang Consuelo ang popular basketball player. At hindi niya mapaniwalaan na ganoon kalakas ang dating nito.

Ipinilig niya ang ulo. He was not the kind of man she dreamed of. Masyado itong guwapo. And

he seemed arrogant. Kanina nga, hindi nakaligtas sa kanya ang mapang-uyam na ngiti nito habang pinagmamasdan siya at pakiramdam niya, pinagtatawanan nito ang hitsura niya.

If he only knew who she was!

Naabutan niya ang katiwala na naghahanda ng merienda sa kusina. May cake na nakahain sa mesa at tatlong platito.

“Nariyan ka na pala,” bati ng masayahing matanda nang nakita siya. “Dumating na ang pamangkin kong si Riggs. Naroon siya sa itaas. Pinatuloy ko na sa kuwarto niya.”

“N-nakilala ko na ho siya. Nasalubong ko sa hallway.” Naupo siya sa silya.

“Talaga? Kilala mo ba siya? Alam mo bang sikat na basketball player ‘yang si Riggs. MVP ‘yan noong last season. Na-sprain ang tuhod niya. Kailangang magpagaling siya nang todo bago magsimula ang bagong season kaya nagbakasyon dito. Payo raw ng team doctor nila. Kapag nasa Maynila raw kasi, hindi makaiwas sa gimmick at saka sa mga chicks… alam mo na.” Tumawa si Manang Consuelo.

Nagsinungaling si Dynah, “Hindi ko ho siya kilala. Hindi ho ako mahilig sa basketball.” She

should know his caliber. He was the so-called hardcourt stud.

Tumango-tango ito. "'Sabagay. Tingin ko nga sa iyo, eh, hindi ka mahilig sa sports. Naku, Ynah! Huwag kang mag-alala, mabait naman 'yang si Riggs. At siyanga pala, ang daddy niya na kapatid ko ang may-ari nitong pension house. Ako lang nagma-manage. Ayoko kasing tumira sa Manila."

Ngumiti lang si Dynah. Magsasabi sana siya na dadalhin na lang niya sa kuwarto ang kanyang merienda nang biglang pumasok sa kusina ang isang matangkad na pigura.

"Hi, Auntie!" Kaagad nitong niyakap mula sa likuran ang tabaing tiyahin bago idinutdot ang hintuturo sa icing ng cake saka isinubo iyon. "Mmm… my favorite mocha flavor."

Hinataw ni Manang Consuelo ang balikat nito. "Ikaw talagang bata ka. Mahiya ka kay Ynah." Binalingan nito ang dalaga. "Hija, pagpasensyahan mo na lang ang kakulitan nitong si Riggs. Ganyan na 'yan maski noong bata pa siya."

Pumitlag ang puso niya nang sulyapan siya ni Riggs. He winked at her. "Don't believe her, Ynah. Hindi ako makulit. Ayoko lang ng tahimik. Gusto

ko, palaging masaya." Hinila nito ang isang silya at pasalampak na naupo roon.

*Happy-go-lucky*, sabi ng utak niya. Nang nag-angat siya ng paningin ay nasalubong niya ang mga mata nito. Kinilabutan siya. Why was he looking at her? Was he making fun of her? Itinuon niya ang atensyon sa cake, pero kahit maliit ang subo niya ay para siyang mabubulunan.

# 2

Riggs was feeling unusual. Hindi niya alam kung bakit hindi niya mapigilan ang sarili na titigan si Ynah. Ynah. What a sensual name! Hindi bagay sa babaeng nagmamay-ari niyon. This Ynah looked weird—thin face, round tinted eyeglasses that almost covered half of her face. Jesus, that awful gray skirt and dirty white three-fourths sleeved blouse. She was awful to look at. What she wore kept her figure a total secret from his discerning eyes.

But there was something intriguing about her. Baka ang kutis nito. She wore no makeup but her complexion was clear. At kanina, nang tanggapin nito ang pakikipagkamay niya, malambot na malambot ang palad nito. Pudpod ang mga kuko nito at walang nail polish. Parang kay sarap hawakan—at halikan. She was very plain. She was not even wearing cologne or perfume. His nose could detect different branded perfume fragrances. But he swore she had sweet feminine scent.

He shook his head. Gusto niyang mapahalakhak. Kung anu-anong kalokohan ang pumapasok sa kanyang utak palibhasa'y alam niya na wala siyang

pagkakalibangan sa lugar na iyon at wala siyang mapagtitiyagaang kausapin kundi si Ynah.

Kitang-kita niya ang pagkailang nito habang tinititigan niya. Ang hindi niya maipaliwanag, natutuwa siyang tingnan na naiilang ito. The more na gusto niyang i-tease ito. Para bang gusto niyang kilalanin ito. Para bang may nagbubulong sa kanya that there was more to be discovered inside that awful skirt and blouse.

Muli, ipinilig niya ang ulo. *Damn, leave the nerd woman alone*, bulong ng utak niya.

Nang nagpaalam si Ynah ay tinangka niya itong pigilan. "Ang bilis mo namang kumain," aniya. "Why don't you stay for a while?"

Umiling ito. "May tatapusin pa ako," mabilis na sagot nito. "Sige po, Manang Consuelo. Salamat po sa merienda." Tumalikod na ito. Ni hindi man lang nag-abalang tapunan siya ng sulyap.

Sinundan niya ito ng tingin. If there was one more beautiful thing about her aside from her complexion, it was her voice. Mala-anghel ang boses nito. Hindi rin nakaligtas sa kanya ang magandang toes nito. Manipis at mamula-mula rin ang sakong nito.

"Uh-hum… Rigador Fernandez Jr…"

Nilingon niya si Manang Consuelo. "Auntie… why?"

"Ano'ng itinitingin-tingin mo kay Ynah?"

Kumunot ang noo niya. "Don't get me wrong, Auntie. Nawiwirduhan lang ako sa kanya. Talaga bang ganoon 'yon?"

"Anong ganoon?"

"Nagkamali yata siya ng pinuntahan. Hindi kaya dapat ay sa kumbento siya nagpunta?"

Tumawa nang malakas si Manang Consuelo. "Ikaw na bata ka. Palibhasa'y sanay kang halos hubad na ang mga babaeng nakikita at nakakasalamuha mo. Disente 'yang si Ynah."

"Matagal na ba siya rito?"

"Dalawang buwan."

"Bakit siya narito?"

"Gusto lang daw niya ng tahimik na lugar. Hindi siya makuwento. Basta ang sabi niya sa akin, gusto niyang mapagsolo.  Alam mo naman ako. I always respect my guests' privacy. Saka mabait naman ang batang 'yan.."

"What does she do for a living? How could she afford the rent?"

"Nagsusulat siya ng romance novels para sa pocketbook."

"Really?" Hindi siya makapaniwala na makakapagsulat ng romance novel ang isang gaya ni Ynah. "Hindi ba siya nababato rito?"

"Bakit? Ako ba, nababato rito?" balik nito. "Nakikipagkuwentuhan din naman siya. Iyon nga lang, hindi detalyado.

"Hindi ka nag-CI? Malay natin kung..."

Nangunot ang noo ng tiyahin. "Hindi na kailangan. Unang kita ko pa lang sa batang 'yan, magaan na ang loob ko. Nagbigay na siya ng anim na buwang paunang bayad."

Napatango na lang ang binata.

"At ikaw, Riggs… binabalaan kita. Huwag na huwag mong pagtitripan si Ynah."

"Auntie naman…" angal niya na tila nahuling may gagawing kalokohan.

At the back of his mind, he was planning to get to know Ynah better. He knew his steady bold stare

was making her nervous. He could tell by the way she kept shifting in her chair earlier. In a mischievous way, he was glad his attention was unsettling her.

NARINIG NI YNAH ang tatlong malalakas na katok sa kanyang pinto. Kaagad na kinabahan siya. Hindi ganoon ang uri ng katok ni Manang Consuelo. Tatlo lamang sila roon sa pension house kaya sigurado niya kung sino ang kumatok. Sa Sabado pa ang dating ng Ifugao na cleaning lady.

Mabilis niyang isinuot ang eyeglasses at braces. Tumayo siya at tinungo ang pinto. Hindi nga siya nagkamali; si Riggs ang nasa labas. Hindi niya napigilan ang abnormal na pintig ng kanyang puso pagkakita rito.

"Hi." He was smiling the same kind of smile. Sexy. Alarming. Mischievous.

Pinigil niya ang mapasinghap. "B-bakit?"

"Dinnertime."

Hindi siya kaagad nakasagot. "H-hindi pa ako gutom. Mauna na kayo. Mamaya na lang ako kakain."

"Hindi ka gutom? You only had a small piece of

cake for snack. Kanina pa iyong alas tres ng hapon. It's nearly seven in the evening. Are you on a diet? Mini-maintain mo ba ang figure mo?"

She knew he was teasing her. Naiinis siya pero hindi niya magawang magalit. Pero alam niyang kailangan niyang ngayon pa lang ay putulin na ang pagpapa-cute nito sa kanya dahil alam naman niyang ginu-good time lang siya nito. "Look…"

"Yes… I'm looking." He was indeed looking at her straight in her eyes. At kahit nakasuot siya ng salamin ay ramdam niya ang titig nito na nagpaalarma sa kanyang kaibuturan.

"H-hindi ako gutom."

"Sa pagkakaalam ko, lahat ng guests dito ay sabay-sabay na kumakain. I'm a guest, you're also a guest. It's my father's policy na sinusunod ni Auntie unless… nabago na 'yon. Pero as far as I know since I last went here less than a year ago, ganoon ang patakaran."

"Mr. Fernandez…"

"O? Bakit biglang naging pormal?"

Gusto na niyang mainis. "Hindi ako nagugutom," mariin niyang sabi.

"Masarap ang niluto ni Auntie. Siya ang nagpasundo sa iyo, hihiyain mo ba siya?"

Hindi na napigilan ni Dynah ang mapabuntong-hininga. Hindi niya akalain na makulit pala ang sikat na basketbolistang ito. Lalong hindi niya akalain na kahit pala 'pangit' ay pinagtitiyagaan nitong kausapin. Para matapos na ang usapan ay pinagbigyan na niya ito. "Susunod ako."

He smiled. "All right. See you, Miss Ynah… whatever your surname is," anito bago tumalikod. Narinig niyang nagpakawala ito ng mahinang tawa.

"Stupid arrogant," mahinang bulong niya sa kabila ng malakas na kabog ng dibdib. Nagpakawala siya ng sunod-sunod na buntong-hininga. She had known plenty of men who played kinds of flirting games.

Why was Riggs Fernandez playing the game with a homely like her?

Si Dynah na rin ang sumagot sa sariling tanong. Maliban kay Manang Consuelo, siya lang ang nag-iisang babae sa paligid. If there was one aspect of Riggs' personality that was readily apparent, it was that he was a known womanizer.

Ngayon pa lang, kailangan na niyang itatak sa

utak niya na gusto lang siyang paglaruan ng binata dahil mukha siyang katawa-tawa at wala itong magawa sa buhay sa mga panahong iyon.

Naabutan niyang nagtatawanan sa komedor ang magtiya. Nakaupo na ang mga ito, pero hindi pa nagsisimulang kumain.

Sabay na napatingin sa kanya ang dalawa nang palapit na siya.

Si Manang Consuelo ang unang nagsalita nang nakaupo na siya sa silya. Nakaupo ito sa kabisera. Sa kanan nito ay si Riggs. Inokupa niya ang dati nang puwesto sa kaliwa. "Hay naku, Ynah! Pasensya ka na. Baka naguguluhan ka. Ito kasing si Riggs… kung anu-ano'ng kinukuwento."

Bahagya siyang ngumiti. "Okay lang po."

"Paano naman ang tahi-tahimik dito. Kung hindi ako mag-iingay, baka hindi ko matagalan," anang lalaki. Sinulyapan siya nito. "Minsan, kailangan mag-ingay."

Hindi siya kumibo. Aabot sana siya ng kanin, pero iniurong niya ang kamay niya nang dumukwang ito.

"Rice?" Inilapit nito ang plato sa kanya.

Dinampot niya ang serving spoon at kumuha ng kanin. Inaalipin na naman ng di-mapigilang kaba ang kanyang puso. Pagkakuha niya ng isang sandok ng kanin ay si Manang Consuelo naman ang inabutan nito.

Ang steamed vegetables sa tabi niya ang kinuha niyang ulam. Isang pirasong okra at dalawang dahon ng pechay.

Iniabot ni Riggs ang pritong liempo sa kanya.

Bahagya niyang itinaas ang kanyang kamay. “No, thanks.”

Ibinaba nito ang serving plate ng liempo. Itinaas naman nito ang platter ng sweet and sour lapu-lapu.

Umiling si Dynah.

“You’re really on a diet? Ano’ng mangyayari sa gulay at kanin lang?” nakangising tanong nito.

*Ano ba’ng pakialam mo?* “Hindi ko sinabing hindi ako kakain ng karne at isda. Ako na ang bahalang kumuha mamaya,” she replied in a little harsh voice.

Tila napahiya naman ito. “Oww… I’m sorry. I didn’t know gentlemen are not welcome here.”

Nakaramdam din siya ng pagkapahiya sa inasal niya. Pero hindi para kay Riggs kundi para kay Manang Consuelo. Hindi naman niya puwedeng sabihin sa matanda na nararamdaman niya na gusto siyang paglaruan ng pamangkin nito.

Hanggang sa nakatapos sila sa pagkain ay hindi na uli siya inalok ng binata. Inakala niya na hindi na rin siya nito kakausapin pero nagkamali siya.

"Would you like to join us for coffee at the roof deck?" tanong nito nang akmang tatayo na siya. "Sabi ni Auntie, palagi raw kayong nagko-coffee sa roof deck after dinner. Mahilig din ako sa coffee. In fact, ako ang nag-suggest kay Auntie na maglagay ng coffee nook doon."

Napamaang si Dynah. Napatingin siya kay Manang Consuelo na nagkataong nakatingin din sa kanya. "Oo nga. Sige, mauna na kayo sa roof deck at susunod ako pagkatapos kong hugasan ang pinagkainan natin," pagtataboy nito sa kanila.

Paano ba niya ito matatanggihan gayong palagi nga silang nagkakape sa roof deck pagkatapos ng hapunan? Mahahalata nito na iniiwasan niya ang lalaki. "Tutulungan ko na ho kayong maghugas," dahilan niya.

Itinaboy siya nito. "Naku, mapapasma ang kamay mo. Alam kong maghapon kang nagsulat. Sige na, mauna na kayo sa itaas. Magsalang ka na ng kape sa coffee maker."

Wala na siyang nagawa. Namalayan na lamang niyang magkasabay silang naglalakad ni Riggs. Magkaagapay sila pero walang nagsalita. Hindi niya alam kung sinadya nitong paunahin siya sa pag-akyat sa spiral staircase patungo sa roof deck. Naiilang siya. Pakiramdam niya ay nakatutok ang mga mata nito sa kanyang likod. Hinapit niya ang maluwang na paldang suot.

Malakas na malakas ang kabog ng dibdib ni Dynah pagdating sa roof deck. Kaagad siyang nagtungo sa mini-pantry kung saan naroon ang coffee maker, cups and saucers, asukal, kape at creamer. May maliit na refrigerator din doon. Sa kabilang bahagi ng roof deck ay may mini-bar naman at billiard table.

Nakita niyang lumapit si Riggs sa billiard table. Naglaro ito. Napalunok siya. He was very handsome. So many women would love to be in her shoes now—kasama ang sikat at guwapong basketball player na kinahuhumalingan ng marami kabilang na ang kapwa models niya.

Habang hinihintay na kumulo ang kape, nawili siyang panoorin ang lalaki habang naglalaro ito. He had firm muscles. Mamutok-mutok ang muscles nito sa suot nitong white cotton shirt.

Hindi niya inaasahan ang biglang paglingon nito sa kanya. “You play billiards?”

Sunod-sunod na iling ang ginawa ni Dynah. “N-no. Hindi.”

“You should learn. Masarap na laro ito. ‘Lika.”

“A-ayoko.”

Iniwan nito ang paglalaro. Bitbit ang tako, lumapit ito sa kanya. “Why? Don’t you want to try other things that you don’t usually do?”

Kaagad siyang umiwas. Hinarap niya ang kumukulo nang kape. Tinanggal niya ang plug ng coffee maker mula sa electric socket. “I don’t want to,” aniya.

Ibinaba ni Riggs sa mesa ang takong hawak nito. Inagaw nito ang hawak niyang coffee maker. Their bodies were almost touching. Naghatid ng init at kilabot ang palad nito nang sumanggi sa kamay niya.

Napatingin siya rito. Her breath was in her

throat.

He was looking at her too. “Let me do it,” mahinang sabi nito. Nagsalin ito ng kape sa tatlong puswelo.

Nakatingin lang siya. Tila nawala siya sa kanyang gunita sa mga sandaling iyon.

“I like my coffee black. Only a little bit of sugar,” anito. “Ikaw?”

“G-gusto ko may cream. Maraming cream and a little sugar.”

Sinulyapan siya nito, mukhang na-amaze na sumagot siya. He smiled sexily..

Napalunok si Dynah.

Binuksan nito ang lalagyan ng creamer. “Ilang kutsara ang gusto mong ilagay ko?”

Mabilis siyang kumilos. Inagaw niya ang kutsara. “Ako na lang.”

Nahulog ang kutsara.

Sabay silang yumuko para damputin iyon. Nagkabungguan sila. Tumama ang noo niya sa balikat nito. Muntik na siyang matumba sa lakas ng impact. Mabuti na lang at naagapan siya ni

Riggs. Nahawakan siya nito sa dalawang balikat. Magkalapit na magkalapit ang kanilang mga mukha.

It made her shiver at once. His hands clasped her upper arms in an effort to steady her. For a split second, their bodies touched. Pakiramdam ni Dynah, may kuryenteng nagkonekta sa kanila ni Riggs. Heat was generated. Invisible sparks flew. It all happened in a moment's time but it seemed to her that it lasted forever.

Nang natauhan siya ay bigla siyang tumayo kahit nanginginig ang kanyang mga tuhod.

Hawak pa rin nito ang siko niya. "Are you okay?"

Bahagya siyang lumayo para maalis ang pagkahawak nito sa siko niya. "I'm fine."

Hinaplos nito ang noo niya. "Malakas ang impact. Nasaktan ka."

Hinawi niya ang kamay nito. "No… no… I'm… I'm okay." Mas hindi okay ang pakiramdam niya kapag napapadaiti ang balat nito sa kanya. Parang napapaso siya. Kinikilabutan siya. What was happening to her? Oo nga't parang adobe sa tigas ng balikat nito, pero mas natuliro siya sa nakakalitong sensasyon nang magkadaiti ang kanilang mga katawan kaysa pag-umpog ng noo niya sa balikat

nito.

"Are you sure?"

"Y-yeah." Tumalikod siya para kumuha ng bagong kutsara.

Tiyempong dumating si Manang Consuelo. Lihim siyang nagpasalamat na ang mag-tiyahin na ang nagkuwentuhan. Sinamantala niya ang masayang pag-uusap ng dalawa para magpaalam. Nauna na siyang bumaba pagkatapos ubusin ang kanyang kape.

Pagpasok sa kuwarto niya ay hindi siya mapakali. Ilang oras lang naman silang nagkasama ni Riggs pero restless na siya.

Ano ba ang mayroon sa lalaking iyon para ma-rattle siya? Bakit ganoon na lang ang atraksyong nararamdaman niya para rito?

Oh God! She was attracted with Riggs! She could not deny the fact.

She had seen him on sports magazines. She also saw him playing basketball on television. Pero iba pala kapag sa personal ito makakaharap. Iba ang karisma nito.

She had been surrounded by handsome models

na halos ay hubad na niyang nakita, pero hindi siya na-attract nang ganoon katindi. Those models were handsome in superlative degree, but Riggs had a distinct quality she could not try to reckon.

Nakaharap siya sa kanyang laptop pero okupado ng binata ang kanyang isip. Nagugulo ang daloy ng kuwentong nasimulan na niya. Her imagination was filled with something new. Naisantabi bigla ang hero na binuo niya sa kanyang plot. Napalitan ng imahe ni Riggs.

*No!* Hindi hero material ang pamangkin ni Manang Consuelo. Mayabang at arogante ito.

Sa halip na ituloy ang pagsusulat ay pinatay na lang siya ng laptop. Nagbasa-basa siya para antukin.

Pero hanggang sa lumalim na ang gabi, hindi na nawala sa gunita niya si Riggs na nasa kabilang kuwarto lamang.

# 3

Gustuhin man ni Dynah na iwasan si Riggs, paano niya gagawin samantalang palagi niya itong nakakasabay sa pagkain? Tumatahimik na lang siya kapag kaharap ito. Ni hindi niya ito nlilingon kapag nagkukuwento ito kay Manang Consuelo. Pagkakatapos kumain ay kaagad siyang bumabalik sa kanyang kuwarto. As much as possible, she didn't want to give him a chance to talk to her.

Isang linggo na ito roon. Tatlong gabi na rin siyang hindi sumasama sa roof deck para magkape pagkatapos ng hapunan. Ang magtiyahin na lang ang nagpupunta roon. Kahit pilitin siya ni Manang Consuelo ay idinadahilan niyang kailangan niyang balikan kaagad ang sinusulat niya. Ilang beses na rin siyang niyaya nito na manood ng DVD tape sa TV room pero hindi siya sumama. Palagi siyang may dahilan.

Ang hindi lang talaga niya maiwasan ay ang makasama ang lalaki sa oras ng pagkain. Gusto kasi ng matanda na sabay-sabay silang kumain. Tulad ngayon, breakfast. She would be with him again.

Pagbukas niya ng pinto ng kuwarto niya ay

nakita niya si Riggs na nagpu-push up sa hallway. Hindi na siya tumuloy sa paglabas. What alarmed her was seeing him half-naked. Naka-shorts lang ito. Namumutok ang muscles nito sa braso, dibdib, hita at binti. Kung bakit naman kasi ang lawak-lawak ng lawn ay doon pa ito nag-e-exercise sa hallway.

She knew he did a lot of jogging every morning. Narinig niyang sinabi nito sa tiyahin na kailangan iyon para sa mabilis na recovery ng na-dislocate nitong knee joint.

So far, hindi pa uli sila nagkausap nang sila lamang ni Riggs. Nagawa niyang iwasan ito. Pero aminado siya na lihim niya itong pinagmamasdan kapag may pagkakataon.

Kahit nasa anyong Dynah Marcial siya, hindi rin niya gugustuhing mapalapit sa basketball player. Ayon sa mga narinig niyang kuwento, ito raw ang tipong hindi nakikipag-commit sa relasyon. Maraming nagkakandarapang babae rito pero wala itong sineseryoso.

Pagkalipas ng may labinlimang minuto ay dahan-dahan niyang binuksan ang kanyang pinto. Sinilip niya kung nasa hallway pa rin si Riggs. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang wala na ito roon. Saka siya lumabas.

Muntik na siyang mapasigaw nang bumukas ang pinto ng kuwarto nito. Tumambad sa kanyang paningin ang bagong paligo na binata. Nakasuot ito ng sandong puti at khaki shorts. He looked so fresh and very handsome. Dangerously handsome!

"Hi. Good morning!" bati nito. Kinuskos ng kamay nito ang basa pang buhok. "Going down for breakfast?"

Nagnakaw siya ng mabilis na buntong-hininga bago sumagot. Ngayon lang uli sila nagkaharap nang sila lamang. "G-good morning. Oo, pababa na ako." Nauna na siyang maglakad.

Sinabayan siya nito.

Inayos ni Dynah ang suot na salamin. Lumalakas ang pintig ng kanyang puso. Kaya nga maaga sana siyang bababa kanina para tulungan si Manang Consuelo sa paghahanda ng mesa kaso lang nakabalandra ito sa daraanan niya na animo Greek god na nag-eehersisyo.

"Hindi ka ba nagjo-jogging?" tanong nito. Nasa kalagitnaan na sila ng paglalakad sa hallway.

Napalingon siya rito. "Minsan."

"Bakit minsan lang? Sabay ka sa akin."

"H-ha? Eh… tanghali na kasi ako magising."

"Ayaw mo lang yata akong makasama," anito.

Nabigla ang dalaga. Mabuti na lamang at hindi siya nawalan ng balanse pagkarinig sa sinabi nito. Nasa unang baitang na sila ng hagdanan. "Ano'ng…?"

"Sabi kasi ni Auntie, magmula nang dumating ako, palagi ka na lang nagkukulong sa kuwarto mo. Sabi niya, baka raw kasi kinukulit kita. Nakulitan ka ba sa akin noong first meeting natin?"

She was caught off-guard. "No… hindi. Busy lang ako."

"Talaga? Sabihin mo kay Auntie 'yan, ha? Akala niya kasi na-good time kita kaya umiiwas ka."

"Talaga namang busy ako."

"Writer ka daw?"

It amazed her that he knew a thing about her. "Struggling writer. Nagsisimula pa lang."

"You write romance novels?"

Ano ba ito? Interview? Tumango lang siya. Nauuna itong humakbang pababa sa hagdanan. Nakatingala ito sa kanya habang humahakbang siya pababa.

Hanggang sa nakarating sila sa komedor ay tanong ito nang tanong. Naabutan nila roon si Manang Consuelo. Ang huli nitong tanong ay kung paano siya nagko-conceptualize ng istorya. Base raw ba iyon sa real life experiences? Hindi na niya sinagot ang tanong na iyon. Pakiramdam kasi niya ay inookray na naman siya nito.

"Good morning, Auntie," bati nito kay Manang Consuelo bago hinagkan sa noo.

"Good morning, Riggs… good morning, Ynah," nakangiting ganti nito.

Ngumiti siya sa matanda bago naupo sa silya niya. "'Morning po."

"Baka kinulit mo na naman si Ynah,ha, Riggs?" nakataas ang kilay na tanong nito.

"No, I don't," sinserong tugon ng pamangkin. "Kinulit ba kita, Ynah?" baling nito sa kanya.

Bahagya siyang umiling.Tinanong siya nito pero hindi naman siya nakulitan. Iyon nga lang, hindi niya sinagot ang huling tanong nito.

"Mabuti kung ganoon," pakli ni Manang Consuelo. "O, kain na."

Nang nagsimula silang kumain ay

nagkuwentuhan uli ang magtiyahin. Paminsan-minsan ay isinasali siya ng mga ito sa usapan. Amazingly, she found herself talking to Riggs again. Ang puso niya ay walang tigil ang mabilis na pintig.

"May magandang palabas sa sine sa *SM Baguio*," mayamaya ay imporma ng matanda. "Nang nag-grocery ako kahapon ay nakita ko. Parang gusto kong manood. Si Nicholas Cage ang bida."

"*Dangerous Bangkok*," ani Riggs.

"Iyon nga. Manood tayo. Nami-miss ko nang manood ng sine," ungot nito.

"Sige, Auntie. Treat ko."

Kumislap ang mga mata nito. "Talaga?"

Napangiti si Ynah sa naririnig na usapan ng magtiya. Para lang magkasing-edad kung mag-usap ang mga ito. Very lively. Very casual.

"Sama ka sa amin, Ynah," anyaya ni Riggs.

Nagulat siya. "H-ha? Hindi. Ayoko."

"Why not?"

"Ano kasi…"

"Busy ka? C'mon, sumama ka na. Baka

mapagkamalan na sugar mommy ko si Auntie kung kaming dalawa lang ang lalakad."

Hinampas ni Manang Consuelo ang braso ng pamangkin. "Bad boy."

Tumawa nang malakas si Riggs. "Joke lang."

"Sira ka ba?" natatawang sabi nito. "Pagkagaganda at pagkaseseksi ng mga nakaka-date mo, siyempre'y alam nilang hindi ka papatol sa matanda kaya kahit may makakitang press sa iyo, siguradong hindi tayo matsitsismis." Bumaling ito sa dalaga. "Sige na, Ynah. Sumama ka na sa amin. Matagal-tagal ka na ring hindi nakakapunta sa mall. Ang huli ay noong sumama ka sa akin na bumili ng toiletries mo. Tatlong linggo na 'yon."

"Busy po ako talaga."

"Mamaya pa namang hapon tayo lalakad," pakli ni Riggs. "We'll catch the last full show. I'll treat you to dinner also. How's that?"

His words warmed her heart. Was it real?

Pati si Manang Consuelo ay nangulit na rin sa kanya. "Sige na, Ynah, pagbigyan mo na kami. Minsan lang magyaya 'yang pamangkin ko. Aba, masuwerte tayo na niyaya tayo ni Riggs Fernandez.

Balita ko, sa dinami-dami ng babaeng humahabol dito sa pamangkin ko, kailangan pa ng appointment para makipag-date."

Napakamot sa ulo ang lalaki. "Auntie, baka maniwala si Ynah sa inyo. That's a lie. That's not true at all."

Nag-iinit ang mga pisngi niya. Thinking of going out with Riggs made her feel excited. Kahit may kasama pa silang iba.

"So will you come with us, Ynah?" untag nito.

"S-sige."

Tuwang-tuwa si Manang Consuelo. Pumalakpak pa ito.

Nang sulyapan niya si Riggs, nakangiti rin ito. This time, a friendly smile. But sexy smile… still.

Dumagundong na naman ang kanyang puso.

HINDI MAINTINDIHAN ni Riggs kung anong excitement ang naghahari sa kanyang kalooban. Ramdam niya ang pag-iwas ni Ynah sa kanya magmula nang dumating siya sa pension house. When he tried to get near her, she would go away.

And he wondered why.

Hindi naman siya nangangagat. Bakit kailangan siya nitong iwasan? Jesus! He was Riggs Fernandez. No woman ever turned her back on him. Ang iba nga'y nagmamakaawa pa para lang pansinin niya, bakit ang isang payak at weird-looking na gaya ni Ynah ay hindi siya pinapansin?

Hindi niya alam kung dapat ba siyang mainis sa fact na iyon. Nang una niya itong nakita, aminado siyang pumasok sa utak niya na pagpalipasan ito ng oras para lang may makausap habang naroon siya pero hindi nga nangyari iyon. Halatang-halata ang pag-iwas nito sa kanya.

Bakit nga kaya?

Ayon sa auntie niya, malihim daw si Ynah. Misteryosa. He wanted to unveil the mystery in her. He wanted to know her better. Ang sagot sa tanong kung bakit gusto niyang gawin iyon: hindi niya alam.

Basta ang alam niya, nang gabing nahawakan niya ang katawan nito nang nagkabungguan sila, nasiguro niyang espesyal itong babae. There was something in her that was rare.

Nakaabang si Riggs sa tapat ng pinto niya. Hinihintay niyang lumabas si Ynah mula sa kuwarto

nito. Nang nagbukas ito ng pinto ay nakaramdam siya ng pagkaunsyami. He was hoping he would see her wearing something else. Oo nga at hindi ito nakapalda ngayon, pero nakasuot ito ng maluwang na brown slacks na tingin niya ay kakasya ang isa pang kasing-katawan nito sa sobrang laki. Nakasuot ito ng abuhing blusa na mahaba ang mga manggas. Ang buhok nito ay maayos na maayos ang pagkatirintas. She looked awful in the big eyeglasses. Bakit ba kasi hindi na lang ito magsuot ng contact lenses o mas magandang salamin? Puwede naman nitong gawin iyon, hindi ba?

“Aalis na ba tayo?”

Bahagyang ipinilig ni Riggs ang kanyang ulo. “Yeah.” In spite of her unusual attire, he could feel something so hard to explain. He just ignored the feeling. Sinundan niya ang dalaga na mabilis ang paglalakad na para bang takot na makasabay siya.

Naghihintay na si Manang Consuelo sa kanila sa ibaba. Mas bagets pang tingnan ang tiyahin niya kaysa kay Ynah. Kailangan nga yatang mapalapit siya sa dalaga. Baka makatulong siya sa pagkakaroon nito ng self-confidence. Naisip niya, kung wala kaya itong salamin at braces at magsuot ng seksi at magandang damit, how would she look like?

Matangkad ito, tipong modelo. Hindi rin nakaligtas sa kanya ang magandang paglakad nito. She had a slender body.

Ah, he was getting curious of what was behind that awful look. He promised himself to discover it sooner or later.

Dahil sports car ang sasakyan niya, ang *Toyota Hi-Ace* van ni Manang Consuelo ang gagamitin nila. He was hoping Ynah would sit beside him in front of the van, but she immediately slipped in the backseat. Ang tiyahin niya ang naupo sa harap.

Hindi maintindihan ni Riggs kung bakit nakadama siya ng pagkadismaya. Hindi na lang niya ipinahalata. Talagang umiiwas si Ynah sa kanya. Tama kaya ang intuition niya na attracted ito sa kanya kaya ganoon?

Kung attracted ang dalaga sa kanya, hindi ba dapat na lumalapit pa nga ito gaya ng ginagawa ng karamihang babae na tahasang nagpapakita ng pagkagusto sa kanya? Baka nahihiya ito dahil sa hitsura nito kaya ganoon.

Puwes, kung umiiwas ito sa kanya, gagawin niya ang lahat para mapalapit dito at madiskubre ang misteryo na mayroon ito.

PILIT NA ITINATAGO ni Dynah ang excitement na nararamdaman kanina pa. Tahimik lang siya sa likod ng sasakyan habang nag-uusap at nagtatawanan sa unahan sina Riggs at Manang Consuelo. Tahimik niyang hiniling na sana ay siya ang nakaupo sa harapan katabi ng binata. Hindi naman kaya kakapalan na ng mukha iyon? Alam niya kung saan siya dapat lumugar. Nang buksan ni Riggs ang pinto sa unahan kanina at tumingin sa kanya ay mabilis niyang binuksan ang pinto sa backseat. Baka kasi isipin nito na gusto niyang maupo sa unahan gayong alam niyang ang tiyahin nito ang gusto nitong katabi roon.

Paminsan-minsan ay sinusulyapan niya ang lalaki mula sa likuran—ang buhok nito, ang batok nito at ang mga kamay nitong steady ang pagkahawak sa steering wheel. He was every inch a man every woman would die for. Ngayon niya napagtanto kung bakit palaging topic ito ng kapwa models niya. No wonder he was considered one of the top bachelors of the country.

Pero nang minsang nakita niyang nakatingin ito sa rearmirror at nahuli nitong sinusulyapan niya ito, itinuon na lang ni Dynah ang mga mata sa labas ng bintana ng van.

Nakaramdam siya ng inggit nang pagbuksan nito at alalayan si Manang Consuelo nang bumaba ang matanda mula sa sasakyan. Siya ay mabilis ding umibis. Alangan namang hintayin niya na pagbuksan din siya ni Riggs? Ano siya, hilo?

"Movie first or we'll eat?" tanong nito sa tiyahin.

"Ikaw, Ynah?" baling sa kanya ng matanda.

"Kayo po'ng bahala."

Sumulyap si Riggs sa wristwatch nito. "Mamaya pa naman ang last full show, dinner muna tayo," anito.

Magkakaagapay silang naglakad patungo sa loob ng mall. Napapansin ng dalaga ang paminsan-minsang pagtingin sa kanya ng lalaki habang nakahawak ito sa siko ni Manang Consuelo. Nang papasok na sila sa entrance ng mall ay nauna ang matandang babae, sumunod siya. Sa likuran niya si Riggs. Sa halip na sa male entrance ito pumasok ay sumunod ito sa kanya. Napasinghap siya nang naramdaman ang pagsanggi ng likuran niya sa harapan nito.

Narinig niya ang komento ng guwardya nang nakalagpas na sila. "Pare… si Riggs Fernandez 'yun, ah."

"Oo nga," sagot ng isang guwardya. "Dapat nagpa-autograph tayo."

Inakbayan nito ang tiyahin. Nagulat siya nang pati siya ay inakbayan din nito. "Faster, ladies. Wala akong dalang pen para mag-sign ng autograph," biro nito. Narinig din pala nito ang usapan ng dalawang guwardya. "I don't want to draw crowd here. Nakakahiya."

Sobrang sensasyon ang dulot ng kamay ni Riggs na nakapatong sa balikat niya. She wanted to break away. Patay-malisyang inalis niya ang kamay nito sa kanyang balikat.

Si Manang Consuelo naman, proud na proud. Nakakapit pa ito sa baywang ng pamangkin habang panay ang ngiti at tango ni Riggs sa mga bumabati rito.

*He was a star in his own right but he was a little shy*, Dynah thought. Naalala niya ang kabilin-bilinan ni Guada. Hindi siya maaaring lumabas nang hindi maganda. She was also a star in her own right, ayon dito. Dapat daw ay palagi siyang maganda.

Paano pa kaya kung magtanggal siya ng kanyang disguise? Dalawa na sana sila ni Riggs na nakakakuha ng atensyon ng mga mall goers. Nang nakita niya

ang tarpaulin sa atrium kung saan siya ang image model ng isang brand ng shades ay napangiti siya. Who would ever think na siya iyon?

Pumasok sila sa isang pizza parlor. Riggs ordered family size pepperoni pizza, chicken, spaghetti and green salad. Umorder ito ng isang pitcher ng iced tea.

“Do you mind if I order a bottle of beer?” tanong nito.

“Okay lang,” sabi ni Manang Consuelo. “Pitcher na rin ang orderin mo. Parang gusto ko ring uminom.”

Tumawa ito. “Kaya love kita, Auntie. You’re really cool.” Sumulyap ito sa kanya. “Ynah…”

“O-okay lang pero… hindi ako umiinom ng beer.”

“A glass of beer will do you no harm,” anito.

Sinaway kaagad ito ng tiyahin. “Huwag mo siyang pilitin, Riggs. Sasagutin ko na ang para kay Ynah.”

Itinaas nito ang dalawang kamay. “All right. Tayo na lang ang uminom ng beer, Auntie.”

They had a pleasant dinner. Dynah had two

slices of pizza, a piece of chicken and a little bit of spaghetti. Nahawa siya sa maganang pagkain ng magtiyahin.

Hindi niya alam kung naitatago niya ang kasiyahang nadarama sa sandaling iyon. It was a very simple dinner, but it was the happiest she had. She had dined in most expensive restaurants with known politicians and businessmen, but she would not trade what she was feeling right now. It was simply beyond compare.

# 4

Pagkatapos kumain ay nag-ikot-ikot muna sila sa mall. Bumili ng ilang DVD tapes si Riggs, pagkuwan ay nagtuloy na sila sa sinehan. Tamang-tamang magsisimula pa lamang ang palabas.

Sinadya ni Dynah na mauna sa pagpasok nang sa gayon ay hindi sila magkatabi ni Riggs sa upuan. Kanina kasi sa pizza parlor, sobrang pagkailang ang naramdaman niya kapag nasasanggi ng tuhod ni Riggs ang tuhod niya sa ilalim ng mesa dahil magkatapat sila nito. Pareho kasing mahahaba ang binti nila. Ngayong manonood sila ng sine, natural na pauunahin nito sa pagpasok si Manang Consuelo para kasunod niya.

She was not too aware of the movie. What she was aware of was the fact the she was with Riggs. Bagaman nasa pagitan nila si Manang Consuelo, pakiramdam niya ay magkatabi sila.

Nakita niyang tumayo si Riggs nang mahigit kalahating oras na silang nanonood.

Bumulong si Manang Consuelo sa kanya. “Nagpabili ako ng popcorn at soft drinks. Naiinggit

ako sa mga kumakain. Para kasing natunaw agad ang kinain natin kasi nag-ikot tayo."

She giggled. Maraming nakain si Manang Consuelo pero gusto na namang kumain. Natutuwa talaga siya sa samahan ng magtiyahin. Parehong ini-spoil ang isa't isa.

Nang bumalik ang binata ay may dala na itong isang barrel ng popcorn at tatlong *Coke* in can.

"Auntie, lipat ka. I'll sit between you and Ynah," ani Riggs na nakapagpakaba sa kanya.

Lumipat namanang matanda sa puwesto ng pamangkin.

Nag-ahon-lusong ang tibok ng puso ng dalaga nang nakaupo na ito sa gitna nila ni Manang Consuelo. Binuksan nito ang isang lata ng *Coke* at iniabot iyon sa tiyahin bago nagbukas ng isa pa para sa kanya. Pagkuwan ay inilagay nito ang barrel ng popcorn sa pagitan ng mga hita nito.

"Huwag kayong mahiyang kumuha ng popcorn, ladies," anito pagkuwan.

Kaagad na kumain si Manang Consuelo ng popcorn.

Dynah would not dare get a piece of popcorn

even if her mouth was watering. Mabango iyon. Ang isip niya ay kung saan-saan naglalayag. Naaamoy niya ang beer na ininom ng magtiyahin kanina. She was so conscious of Riggs' legs touching hers. Bagaman pareho silang nakapantalon, pakiramdam niya ay nagra-radiate ang hunab ng balat nito sa kanya. Ang mahahabang braso nito ay dumidikit din sa braso niya na lalong nagpapadagdag sa kung anong sensasyon na bumabalot sa kanyang pagkatao.

She shifted her position. Inilayo niya ang kanyang binti. Pero mayamaya ay naramdaman niyang lumapit uli ang binti nito sa kanya. Napasulyap siya rito. Kinabahan siya nang makitang nakatingin din ito sa kanya.

"Popcorn?" untag nito. He was smiling lazily.

Umiling si Dynah.

Itinaas nito sa kanyang bibig ang kamay nito na may hawak na popcorn. "Tikman mo, masarap." Mahina ang boses nito, halos pabulong.

"Ayoko."

"C'mon, hihiyain mo pa ba ako?"

"A-ako na lang ang kukuha." Ipinatong niya ang kamay sa barrel ng popcorn, pero sa kalituhan ay

nagkamali ang landing ng kamay niya. It landed on his ply! Para siyang napaso. She felt something—hard. Napatuon bigla ang atensyon niya sa screen. Oh God! How silly she could get? Napahawak siya nang mahigpit sa lata ng *Coke*. Gusto niyang bumuka ang semento at lamunin siya niyon kasama ng inuupuan niya. Baka isipin ni Riggs na sinadya niya iyon.

Mayamaya ay naramdaman niya ang paglapit ng binata ng barrel sa harapan niya. “Get some.”

Napalingon si Dynah rito at hindi nakaligtas sa kanya ang ngiti nito—ngiting nakakaloko. Para matakpan ang pagkapahiya, kumuha siya ng ilang pirasong popcorn pero hindi niya isinubo iyon. Hindi niya magagawang lumunok pagkatapos ng nangyari. Napapikit siya.

Hindi na niya alam kung paano natapos ang sine. Hindi nga niya naintindihan. Nang nakasakay na sila uli ng sasakyan pabalik sa pension house ay panay ang kuwento ni Manang Consuelo.

“Guwapo si Nicholas Cage, ano?” anito. “Lalaking-lalaki ang dating.”

“Bakit kasi hindi ka nag-asawa, Auntie? Look at you now, kinikilig sa kaguwapuhan ni Nicholas

Cage."

"Para namang hindi mo alam ang dahilan," anito. "Nalibang ako sa pag-aalaga sa iyo noon. Eh, namalayan ko na lang matanda na pala ako."

"Sisihin ba ako," natatawang sabi ni Riggs. "Hindi pa naman huli ang lahat."

"Naku! Huli na, hijo. Ang mabuti pa, mag-asawa ka na lang at bigyan mo ako ng apo para may maalagaan ako uli. Siguradong kinukulit ka na rin ng daddy at mommy mo na mag-asawa."

"Don't worry, Auntie. After this season, mag-aasawa na ako."

Hindi alam ni Dynah kung bakit nakaramdam siya ng kirot sa puso niya pagkarinig sa sinabi ng binata. Mag-aasawa na pala ito. Sino kaya sa mga sikat na artista at modelo na nali-link dito ang pakakasalan nito? Bakit bigla ang pagbigat ng dibdib niya?

Pagdating sa pension house ay papasok na sana si Dynah sa kanyang kuwarto, pero nagyaya pang magkape si Manang Consuelo. Tulad ng dating nakagawian—coffee after dinner maski lumabas pa sila.

Hindi na siya nakatanggi dahil hawak siya nito sa kamay.

Nagprisinta siyang maglagay ng kape sa coffee maker habang naghihintay ang magtiyahin sa coffee table at nagkukuwentuhan.

Hindi uminom ng kape si Riggs, sa halip ay nagtungo ito sa mini-bar at nagsalin ng wine sa baso. Binitbit pa nito ang bote ng alak sa mesa.

Naiilang siyang tumingin nang derecho rito dahil sa nangyari kanina sa sinehan.

Nauna na siyang tumayo nang tapos na silang uminom ng kape ni Manang Consuelo. Ang matanda na ang nagprisintang maghuhugas ng mga pinag-inuman nila.

Binilisan niya ang pagbaba sa hagdanan. Binaybay niya ang hallway patungo sa kuwarto niya. Inakala niyang hindi pa kaagad susunod si Riggs, pero naramdaman niya ang malalaking hakbang nito sa kanyang likuran.

Pinipihit niya ang seradura ng pinto ng kuwarto niya nang marinig niyang nagsalita ito. “Did you enjoy?”

She had no choice but to look at him and

she wished she didn't. He was too damn sexy and handsome. Mapungay ang mga mata nito dahil marahil sa nainom na whisky. Tantya niya ay nakaapat o limang salin ito ng whisky sa baso kanina. "I... I did. Thanks."

Lumapit ito sa kanya. "Are you scared of me?"

Rumagasa ang kaba sa dibdib ni Dynah. "H-hindi. Why would I?"

Mas lumapit pa ito. "Bakit parang natatakot ka sa akin?"

Napahugot siya ng buntong-hininga. Nagtapang-tapangan siya. "Bakit ako matatakot sa iyo?"

"Ewan ko pero iyon ang nararamdaman ko. I have been here for a week at ramdam ko na iniiwasan mo ako."

"Hindi. Sumama na nga ako sa inyo ni… ni Manang…"

"Napilitan ka lang."

"Inaantok na ako." Tinalikuran niya ito at akmang papasok na sa loob ng kuwarto niya nang biglang hinawakan siya ng lalaki sa siko.

"No woman turns her back on me," anito.

"What's in me that annoys you?"

Nagulat siya, natigagal. "Ano ba'ng pinagsasabi mo?"

"Iniiwasan mo ako, Ynah. You didn't sit in front of the car. Kapag napapadikit ako sa iyo, para kang nadudumihan. Ano'ng mayroon ako na ayaw mo?" Inilapit nito ang mukha sa kanya.

Naguguluhan siya at kinakabahan. Kabang hindi takot. Hindi niya maintindihan ang nangyayari. Hindi niya alam kung bakit ganoon ang sinasabi ni Riggs. He smelled of wine. That made her shiver more.

Hinila niya ang siko niya.

Hindi nito binitiwan iyon. Sa halip ay kinabig siya nito sa batok sa pamamagitan ng libreng kamay nito. Without a warning, he kissed her. His mouth was on hers—hot and hard and urgent. She was so stunned yet her being was filled with sensation. She had never been kissed that way by any man. Not even by her first boyfriend. God! Riggs was kissing her!

Bakit?

Pinanaig niya ang kanyang katinuan. Hindi

dapat nangyayari iyon! Itinulak niya ito, pero parang bato ang dibdib nito. Imprisoning her face between his hands, he slanted his lips across hers. He made a low, growling, hungry sound deep in his throat.

Dynah's body went weak. Para siyang nauupos na kandila. Para siyang idinuduyan. Iniuutos ng katawan niya na tugunin ang mga halik ni Riggs dahil baka hindi na iyon maulit pa. Ibinubulong ng puso niya na magmula nang una niya itong makita ay inilusyon na niyang mangyari ang bagay na iyon.

Pero pagkatapos ay ano? Inipon niya ang kanyang lakas. She turned her head away ang gasped. "No!" aniya bago pinagbabayo ang dibdib nito. Namalayan na lang niya na umiiyak na pala siya.

Parang nabuhusan ng malamig na tubig ang lalaki. "Oh God!" Akma siya nitong hahawakan uli sa mukha, pero hinawi niya ang kamay nito. "Ynah… Ynah… sorry… I didn't mean to…"

Bago pa niya marinig ang paliwanag nito ay mabilis na siyang pumasok sa kanyang kuwarto saka ini-lock iyon. Pabagsak na inihiga niya ang katawan sa kama saka siya malayang umiyak.

He didn't mean to kiss her. Nasaling lang ang

ego nito bilang sikat na tao dahil hindi niya ito pinapansin sa halip na magkandarapa siya rito gaya ng ibang babae.

Ang sakit ng kanyang puso. Mahapdi ang kanyang nararamdaman sa kanyang kaloob-looban.

Mag-aasawa na nga ito, niloloko pa nito ang mapapangasawa nito. He kissed her. Kahit walang dahilan ang paghalik nito sa kanya, nagkasala pa rin ito sa mapapangasawa nito.

"Walanghiya ka, Riggs! Napakawalanghiya mo!" bulong niya sa pagitan ng mga hikbi.